Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



Budget No. 03) ng pondong Inprastraktura (Infrastructure Fund) na nagkakahalaga ng APATNAPU'T-PAT NA LIBO, LIMANG-DAAN AT APATNAPU'T-ISANG PISO (₱44,541.00) na ginagawang bahagi ng katitikang ito na may TANDANG "K".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXI-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

APPROVED
RESOLUTION No. 428, T. 1988
PROVINCIAL BOARD
Agosto 2, 1988

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng karagdagang Palaan Blg. 04 (Supplemental Budget No. 04) ng Pondong Pangkalahatan (General Fund) sa taong 1988 na nagkakahalaga ng ISANG DAAN APATNAPU'T WALONG LIBO, SIYAM NA RAAN AT SIYAM NA PUNG PISO AT APAT NA SENTIMOS (₱148,990.04) na ginagawang bahagi ng katitikang ito na may TANDANG "D".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Sa puntong ito ay ipinaalam ni Kag. Tiongco na mayroong mga tauhang napiling magsanay upang mapatalagang mga "Traffic Aides" Isa-isang tinawagan ang mga napili at ipinakilala sa kapulungan, sinabi rin ni Kag. Tiongco na ang namahala sa pagpili ay pinangasiwaan ni G. Carlos Ilustre, Civil Security Officer III ng Pamahalaan. Matapos ang maikli pang pagtatanungan ay pinasalamatan ng kapulungan ang pagdalo ng limang kalalakihang pinalad na mapiling magsanay.

Nagbigay ulat naman si Kag. Dungao hinggil sa kinalabasan ng pagpupulong na ginanap sa Pamilihang Bayan na nilahukan ng mga kagawad na kasapi sa Lupon ng Commerce Trade and Industry at ilang mga kinatawan ng mga magtitinda sa pamilihan. Ang katitikan ng pagpupulong ay ginagawang bahagi ng kapulungang ito na nilalagyan ng TANDANG "E". May kinalaman sa isinulit at binasang inihandang katitikan ng pagpupulong ay pinuna ni Kag, Perez ang isang aytem na nagsasaad na napag-usapan ng mga tagapangulo ng iba't-ibang seksiyon ang siyang magsusulit ng mga taong nararapat mapagkalooban ng kasunduan ng karapatan sa pitak ay iminungkahi niya na ang anumang isusulit nila ay pagpapasiyahan ng Sangguniang Bayan.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad